
Solar sa Pabahay na Abot-Kaya para sa Maramihang Pamilya (Solar on Multifamily Affordable Housing, SOMAH)

# Paano magbabago ang iyong kuwenta ng utility?

## Mga bagay na kailangan mong malaman:

Kinakailangan ng programang SOMAH na tumanggap ang mga nangungupahan ng hindi bababa sa 51% ng mga solar na kredit mula sa bawat proyektong SOMAH. Gagamitin ang Virtual Net Energy Metering (VNEM) upang direktang ilapat ang mga solar na kredit sa iyong kuwenta ng utility. Ang VNEM ay isang proseso ng pagkuwenta na nagbibigay-daan sa iisang solar panel na sistema na hatiin ang mga kredit sa kuwenta sa maramihang sambahayan ng nangungupahan at lugar para sa publiko.




## Sinusubaybayan ng VNEM na

1. Ang kuryente na ginagawa ng mga solar panel sa iyong gusali
2. Ang kuryente ay pinapadala sa grid ng kuryente at sinusukat ng isang metro ng solar

   Ang grid ng kuryente ay ang network na pinapatakbo ng iyong kumpanya ng utility na naghahatid ng kuryente sa mga tahanan, negosyo at iba pang mga gumagamit.
3. Ang kuryente na ginagamit ng iyong sambahayan ay sinusukat ng iyong metro ng kuryente
4. Idadagdag ng iyong kumpanya ng utility ang mga solar na kredit na inilaan sa iyong sambahayan, na magbabawas sa iyong buwanang kuwenta

## Mga tanong tungkol sa SOMAH?

Hotline ng Nangungupahan: 800-843-9728

SOMAH

Ang SOMAH ay pinangangasiwaan ng SOMAH Program Administration Team sa ilalim ng tangkilik ng California Public Utilities Commission (CPUC). © 2018 California Public Utilities Commission. Nakalaan ang lahat ng karapatan.

Solar sa Pabahay na Abot-Kaya para sa Maramihang Pamilya (Solar on Multifamily Affordable Housing, SOMAH)


# Paano magbabago ang iyong kuwenta ng utility?

## Ano ang dapat mong malaman tungkol sa iyong bagong kuwenta ng utility

Mahalagang maunawaan kung paano makakaapekto ang pagkakaroon ng solar na enerhiya sa iyong gusali sa iyong kuwenta ng enerhiya. Magkakaroon ng mga pagbabago sa parehong hitsura ng iyong kuwenta at sa paraan ng pagkakalkula nito.

### Pamantayan na Halaga

Kinakalkula ang iyong kuwenta sa pamamagitan ng magkakaibang baitang o antas. Ang bawat baitang ay mayroong partikular na bilang ng mga yunit ng kuryente (kilowatt-hours o kWh) na maaari mong gamitin. Kapag ginamit mo ang lahat ng yunit ng kuryente sa isang baitang, nakahanay ka sa susunod na baitang. Kapag umangat ka mula sa isang baitang patungo sa isang mas mataas na baitang mas mataas ang babayaran mo. Karaniwang may dalawa hanggang apat na baitang sa iyong kuwenta ng utility.




## SOMAH at VNEM

Sa sandaling maikabit ang mga solar panel at mai-on ito, ililipat ka ng iyong kumpanya ng utility sa VNEM na talaan ng halaga. Lahat ng halaga na sisingilin ay naaayon sa iyong talaan ng nakametrong halaga kung naaangkop. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa mga halaga, tawagan ang Liberty Utilities sa 800-782-2506.

### Mga tanong tungkol sa SOMAH?

Hotline ng Nangungupahan: 800-843-9728

**CalSOMAH.org/tenants**

contact@calsomah.org

SOMAH

Ang SOMAH ay pinangangasiwaan ng SOMAH Program Administration Team sa ilalim ng tnagkilik ng California Public Utilities Commission (CPUC). © 2018 California Public Utilities Commission. Nakalaan ang lahat ng karapatan.